STATE OF CALIFORNIA—HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES
744 P Street • Sacramento, CA 95814 • *www.cdss.ca.gov*

KIM JOHNSON
DIRECTOR

GAVIN NEWSOM
GOVERNOR

Setyembre 4, 2020 PIN 20-23-CCLD

PARA SA: LAHAT NG TAGAHAWAK NG LISENSIYA SA NG PAGLISENSIYA SA PANGANGALAGA SA KOMUNIDAD

MULA SA : ***Orihinal na linagdaan ni Pamela Dickfoss***
PAMELA DICKFOSS
DEPUTADONG DIREKTOR
PAGLISENSIYA AT PANGANGALAGA SA KOMUNIDAD

PAKSA: TUGON SA SAKUNA GAMIT ANG SISTEMA NG NOTIPIKASYON SA MASA NG EVERBRIDGE

Buod ng Abiso ng Notipikasyon ng Tagapagkaloob o Provider Information Notice (PIN)

Ang PIN 20-23-CCLD ay nagbibigay ng impormasyon ng Sistemang Notipikasyon sa Masa ng Everbridge at kung paano ito gagamitin upang abisuhan ang mga tagahawak ng lisensiya sa panahon o sa pangunahing sakuna tulad ng sunog at Pampublikong Kaligtasan sa Pagpatay sa Kuryente.

Pinagmulan

Upang tumugon nang epektibo sa mga sakuna, kasama ngunit hindi limitado sa sunog at Public Safety Power Shutoffs (PSPS), ang Departamento ay gumagamit ng Sistemang Notipikasyon sa Masa ng Everbridge upang paunang abisuhan ang mga lisensyadong mga pasilidad o tuwing mga pangyayaring ganoon. Mayroong dalawang uri ng notipikasyon: 1) tugon na kinakailangan upang kumolekta ng impormasyon upang tantiyahin ang katayuan ng iyong pasilidad at potensyal na pagfollow-up upang magbigay ng agarang tulong base sa iyong mga pangangailangan; at 2) striktong pagbigay ng impormasyon na walang kinakailangan na pagtugon.

Pagtugon sa mga Notipikasyon ng Everbridge

Kapag nakatanggap ng impormasyon, madalas kinakailangan ng iyong pagtugon na magbigay ng impormasyon sa tiyak namamahalang katayuan ng iyong pasilidad, Kung ikaw ay nagbigay ng numero ng telepono sa iyong Opisina ng Rehiyon na makakatanggap ng mensahe sa teks, ito ang unang antas ng pinangunahan at maaaring kasama ang opsyon sa pagtugon, na nakikita sa ibaba. Kung ang mensahe sa teks ay hindi maipapadala sa iyo, susubukan ng Everbridge na makipag-ugnay sa iyo gamit ang ibang uri ng kontak, tulad ng iyong email address o numero ng telepono ng negosyo ng iyong pasilidad. **Siguraduhin na ang iyong Opisina ng Rehiyon ay mayrong kasalukuyang kontak na impormasyon ng pasilidad, kasama ang mga numero ng telepono at numero ng cel.**

Kapag nakatanggap ng notipikasyon sa Everbridge na kinakailangan ng pagtugon, napakahalaga na tumugon sa notipikasyon kahit sa mga pangayayari kapag ang iyong pasilidad ay hindi naapektuhan ang pamamahala. Ang iyong pasilidad ay hindi matatawagan muli maliban sa mga pangayayari na lumawak at maaaring maapektuhan ka o ang iyong tugon ay nagapapakita na kailangan ng tulong. Sa mga pangayayari na **hindi** ka tumugon sa notipikasyon na nagangailangan ng pagtugon, ang nararapat na tauhan ng Opisina ng Rehiyon ay makikipag-ugnay sa iyo upang pag-aralan ang katayuan at pagpasiyahan kung ang tulong ay kinakailangan. Ang kakulangan sa pagtugon ay maaring makaantala sa mahalagang pinagkukunan ng iyong pasilidad.

Mga Notipikasyon sa Sunog ng Everbridge

Sa ibaba ay mga halimbawa kung anong opsyon ng pagtugon ang maaring makita kapag nakatanggap ng notipikasyon sa Everbridge kaugnay sa sunog:

1. Ang sunog ay hindi nakakaapekto sa aking pasilidad, huwag lumisan, at mananatiling sa pamamahala. (“Operasyonal”)
2. Ang aking pasilidad ay maaaring mamahala ngunit nakararanas ng epekto sa pamamahala mula sa sunog. (“Operasyonal na may Epekto”)
3. Ang aking pasilidad ay lumisan ngunit hindi nasira, maaaring muling mamahala kapag ang paglisan na kautusan ay binawi. (“Pansamantalang Hindi-Operasyonal”)
4. Ang aking pasilidad ay lumisan at/o nasira at hindi maaaring mamahala. (“Permanente/Pangmatagalan Hindi-Operasyonal”)

Mga Notipikasyon para sa mga Pangayayaring PSPS ng Everbridge

Kapag ikaw ay inabisuhan tungkol sa mga pangayayari ng PSPS sa iyong lugar, ang isang notipikasyon ng Everbridge ay maipapadala sa iyo kapag ang tagapagkaloob ng utilidad at nagpahayag na sila ay mangunguna sa pagpatay ng kuryente.

Sa ibaba ay mga halimbawa ng mga opsyon sa pagtugon kapag nakatanggap ng notipikasyon sa Everbridge kaugnay sa pangayayaring PSPS. Tandaan, ang mga opsyon ay maaaring magbago.

1. Ang aking pasilidad ay hindi naapektuhan ng pampublikong Kaligtasan sa Pagpatay sa Kuryente at patuloy na namamahala. (“Operasyonal”)
2. Nakapatay ang kuryemte o tumatakbo ang isang alternatibong pinagkukunan ng kuryente ang aking pasilidad at maaaring makapagpatuloy para ng 24-48 oras. (“Operasyonal na may Epekto”)
3. Ang aking pasilida ay hindi namamahala, o lumisan, dahil sa Pampublkong kaligtasan sa pagpatay sa Kuryente ngunit muling magbubukas kapag bumalik ang kuryente. (“Pansamantalang Hindi-Operasyonal”)
4. Ang aking pasilidad ay lumisan dahil sa Pampublikong Kaligtasan sa Pagpatay sa Kuryente at hindi maaaring mamahala sa hindi alam na panahon . (“Permanente/Pangmatagalan Hindi-Operasyonal”)

Mga Tugon sa Notipikasyon ng Everbridge

Maliban sa uri ng pangyayari, ikaw ay mabibigyan ng alituntunin na pumili sa isa sa naipahayag-sa-itaas na opsyon sa pamamagitan ng pagtype sa numero sa mensahe sa teks sa pagklik sa opsyon na emai. o pagpindot ng nararapat na numero sa landline na telepono.

Papayagan ka ng Everbridge ng 30 na minuto na tumugon at maisasara ang notipikasyon sa pagtugon. Ang mga tagahawak ng lisensiya na hindi tumugon sa 30-na-minuto na palugit ay tatawagan ng nararapat na Opisina ng Rehiyon.

Kontak Impormasyon ng Everbridge

Ang listahan sa ibaba ay nagpapakita ng mga numero o email address kung saan ang mga notipikasyon ng Everbridge ay ipapadala. Inuudyok ng Departamento na iyong idagdag abng numero sa ibababa at email address sa iyong kontaks upang maiwasan ang alinman sa tatlong notipikasyon na hindi maipadala:

- Maikling Serbisyo na Mensahe, kilala rin bilang mensahe sa teks o mensahe na SMS, ay ipinadala mula sa numerong 89361
- Ang mga emails mula sa noreply@everbridge.com ay maipapakita bilang “Babala ng CCL ng Departamento ng Serbisyong Panlipunan ng CA”
- Mga tawag ng telepono na naipadala mula sa (916) 228-6728

Tandaan, huwag pindutin ang “reply” bilang tugon sa isang email na notipikasyon, sa halip, i-klick ang opsyon na pinakamabuti na nararapat sa iyong sitwasyon.

Mga Planong Emerhensiya at Pinakamabuting Kasanayan

Pinapalala ng CCLD ang mga tagahawak ng lisensiya na suriin ang planong emerhensiya/sakuna ng pasildad upang siguraduhin na sumusunod sa nararapat na mga palatuntunan at mga regulasyon. Dagdag dito, inibinigya ng CCLD ang mga sumusunod na pinakamabuting mga kasanayan.

- Pag-aralan at i-update ang iyong planong sa sakuna, na kinakailangan, upang siguraduhin na ang mga pasilidad na nakalisita ay kasalukuyan pa rin at upang siguraduhon ang iyong pansamantalang sentro ng relokasyon ay nalalapat pa rin.
- Suriin ang planong sakuna sa tauhan, awtorisadong kinatawan, awtorisadong mga kinatawan, regular ang mga residente/bata.
- Siguraduhin na natanggap ang mga emerhensiyang notipikasyon sa pamamagitan ng lokal na tagapagapatupad ng batas.

Kung ikaw ay may mga katanungan tungkol sa PIN na ito, makipapag-ugnay sa nararapat na Opisina ng Rehiyon:

- Opisina ng Pangangalaga sa Adulto at Nakatatanda sa Rehiyon
- Opisina ng Pangangalaga sa Bata ng Rehiyon
- Opisina ng Residente ng mga Bata sa Rehiyon